



Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Module 3 Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan- Modyul 3: Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa
Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Marilou S. Montaña

Editor: Arnel C. Las Marias

Tagasuri: Marlon V. Marco

Tagaguhit: Marilou S. Montaña

Tagalapat:

Tagapamahala: Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III (Regional Director)

Co-Chairpersons: Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V (Asst. Regional Director)

Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon)

Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon)

Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD

Neil A. Improgo, EPS-LRMS

Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM

Members: Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID

Nancy B. Panistante, EdD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao

Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager

Jeny B. Timbal, PDO II

Shella O. Bolasco, Division Librarian II

**Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Sangay ng
Bukidnon**

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Module 3 Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya

Ang modyul na ito ay sama-samang binuo at sinuri ng mga edukador sa mga publikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa bukidnon@deped.gov.ph.

Pinahahalagahan naming ang inyong mga puna at mungkahi.

Talaan ng Nilalaman

	Pahina
Cover Page	
Copyright Page	
Title Page	
Talaan ng Nilalaman	
Paunang Salita	
 Aralin 1. Ang Mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos	
Alamin	1
Subukin	1-2
Balikan	2
Tuklasin	3
Suriin	3-4
Pagyamanin	4-5
Isaisip	5
Isagawa	6
Karagdagang Gawain	6-7
 Aralin 2. Ang Pagkukusa ng Kilos dahil sa MMga Salik Na nakaaapekto sa Pananagutan ng	
Tao	
Alamin	7
Balikan	7
Tuklasin	7-9
Suriin	9-11
Pagyamanin	11
Isaisip	12
Isagawa	12-13
Karagdagang Gawain	13-14
 Aralin 3. Ang Epekto ng mga Salik sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at	
Pasya	
Alamin	14
Balikan	15
Tuklasin	15-16
Suriin	16
Pagyamanin	17
Isaisip	17
Isagawa	17
Tayahin	18
Karagdagang Gawain	19
 Susi sa Pagwawasto	20-22
Sanggunian	23

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral at magulang:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Maligayang pagbati po sa inyo mahal na mga magulang! Umaapela ako sa inyo na kung maaari bigyan ninyo ng kahit kaunting oras sa paggabay ng inyong mga anak sa paglaktay at pagbaybay ng mga aralin ng modyul na ito. Alam kong medyo may pag-aalinlangan sa inyong isip at puso na gawin ito pero para naman ito sa kabutihan ng inyong anak. Lahat tayo hindi ginusto ang pangyayari ngayon sa kasalukuyan. Ngunit isa itong hamon para sa ating lahat. Naniniwala ako na ang lahat ay nangyayari na may dahilan. Salamat po sa inyo!

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
 Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.
 Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian	Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.
-------------------	---

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Aralin 1	Ang mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos
---------------------------	--

Magandang buhay! Kumusta ka na? Anong layo na ang naabot mo sa pag-aaral ng asignaturang ito? Siguro nasa bahagi ka na kung saan mabibigyan mo ng sagot ang mga bagay at tanong kung bakit ang pananagutan ng makataong kilos ay mababawasan kung ito ay naiimpulwensiyahan ng mga salik. Ano nga ba ang ibig sabihin ng salitang *salik*? Ito ay isang sangkap o elemento sa isang sitwasyon o pangyayari na maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kahihinatnan ng makataong kilos. Naalala mo pa ba ang kahulugan ng makataong kilos? Di ba ito ay ginagawa ng may pagsusuri ng pag-iisip, pagkukusa, kalayaan, kaalaman at konsensiya? Tama ba? Ito rin ang kilos na may kaakibat na responsibilidad at pananagutan. Ano naman ang iyong naintindihan sa salitang pananagutan batay sa nakaraang aralin? Ito ay nangangahulugang responsibilidad, tungkulin o obligasyon di'ba? O, sige simulan mo na ang pag-aaral sa araling ito.



Alamin

Sa araling ito, **inaasahang maipamamalas mo ang pamantayan at kasanayang pampagkatuto:**

6.1 Naipaliliwanag ang bawat salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya. **(EsP10Mk-IIc-6.2)**



Subukin

Nandito ka na sa bahagi kung saan makikita mo kung ano ang iyong dating kaalaman hinggil sa aralin na ito sa pamamagitan ng pagsagot ng gawain sa ibaba.

PAGKILALA: Basahin at kilalanin kung ano ang tinutukoy ng bawat pahayag. Isulat ang sagot sa patlang.


- _____ 1. Mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw.
- _____ 2. Ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kalooban.
- _____ 3. Ang pagkabagabag ng isip ng tao na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay.
- _____ 4. Ito ay ang masidhing pag-asam na makaranas ng kaligayahan o kasarapan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap.
- _____ 5. Ito ay tumutukoy sa kawalan ng kaalaman na dapat taglay ng tao.
- _____ 6. Ito ay ang uri ng kamangmangan na may pagkakataong magkaroon ng tamang kaalaman.
- _____ 7. Ang kilos na may kaakibat na responsibilidad at pananagutan.
- _____ 8. Uri ng kamangmangan na walang posibleng paraan upang magkaroon ng kaalaman.
- _____ 9. Ito ay isang sangkap o elemento sa isang sitwasyon o pangyayari na maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kahihinatnan ng makataong kilos.
- _____ 10. Ito ay nangangahulugang responsibilidad, tungkulin o obligasyon.
- _____ 11. Ang pag-ibig, pagkamuhi, pagnanais, pagkasuklam, galit at iba pa ay mga halimbawa ng anong salik?

- _____12. Ang isang taong tumawid sa kalsada kahit na ipinagbabawal ay apektad ng anong salik?
- _____13. Sa sobrang galit, napalo ka ng iyong ama dahil hindi ka pumapasok sa paaralan. Siya ay apektado ng anong salik?
- _____14. Sumakit ang iyong tiyan at uminom ka ng gamot na hindi man lang binasa kung para saan ito. Apektado ang iyong kilos ng anong salik?
- _____15. Kumuha ka ng pagkain sa canteen kahit na labag sa iyong kalooban dahil inutusan ka ng iyong kaklaseng basagulero. Apektado ang iyong kilos ng anong salik?




Balikan

Naalala mo pa ba ang nakaraang modyul? Sa nakaraang napag-aralang modyul, natutuhan mo kung paano kumilos ng may tamang pananagutan. Mahalagang mapagnilayan mo ang bawat kilos na iyong ginagawa dahil hindi magiging ganap ang iyong pagiging tao kung hindi ka mapanagutan sa iyong kilos. Bago mo simulan ang pagtuklas ng iyong dapat malalaman sa araling ito, gamit ang graphic organizer sa ibaba isulat mo kung ano ang iyong natutunan tungkol sa makataong kilos at pananagutan ng tao na siyang napag-aralan mo sa nakaraang aralain.



Tuklasin

Kmusta na? ok ka pa ba? May kunting hirap ka bang naranasan sa pag-aaral sa nakaraang modyul? Huwag kang mag-alala...tutulungan kita. Teka nga..mayroon bang pagkakataon na naharap ka sa isang sitwasyon kung saan nagawa mo ang isang bagay na hindi mo sinadya? Ano ang iyong naramdaman? Ano ang iyong ginawa pagkatapos? Halika, alamin natin kung ano ang iyong dapat gawin sa mga sitwasyong ganyan. Basahin at unawain ang sitwasyon na nasa loob ng kahon isulat kung anong salik (kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, gawi) sa palagay mo ang nakaaapekto sa kilos ng tao at ipaliwanag kung mayroon ba siyang pananagutan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.



Mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos

Ito na! Maiintindihan mo na ang iyong nakaraang ginawa. Tatalakayin na natin ng may puso ang araling ito sa pamamagitan ng mainam na pagbasa sa sanaysay.

1. **Kamangmangan.** Ang kamangmangan ay tumutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman.

Uri ng Kamangmangan:

- a. **Nadaraig** (*vincible*) – kawalan ng kaalaman sa isang gawain subalit may pagkakataong itama ng tamang kaalaman kung gagawa ng paraan upang malaman ito.
 - b. **Hindi nadaraig** (*invincible*) – kawalan ng kaalaman na mayroong hindi alam na dapat niyang malaman.
2. **Masidhing Damdamin.** Ito ay tumutukoy sa masidhing pag-asam o paghahangad na makaranas ng kaligayahan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. Halimbawa; pag-ibig, pagkamuhi, katuwaan, pighati, pagnanais, pagkasindak, pagkasuklam, pagnanasa, desperasyon, kapangahasan, pangamba, at galit.
 3. **Takot.** Nangangahulugan ito na pagkabagabag ng isip ng tao na humarap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay o mga mahal sa buhay.
 4. **Karahasan.** Ito ay ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kilos-loob.

5. **Gawi.** Ito ay ang mga gawain na paulit-ulit na isinagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw. Ang kilos na nakasanayan na , nababawasan ang pananagutan ng tao ngunit hindi ito nawawala. Ang antas ng pananagutan ay nakadepende sa antas ng kilos na ginawa.



Pagyamanin

Kumusta ang pag-aaral mo sa aralin? Ano ano kaya ang natutunan mo? Handa ka na bang ipakita ang mga ito? Sige nga ilahad mo ito sa pamamagitan ng paggawa sa gawain na nasa ibaba.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat aytem. Isulat sa iyong kwaderno ang sumusunod.

- A- kung ang unang pangungusap/pahayag ay tama at ang pangalawang pangungusap/pahayag ay mali.
- B- Kung ang unang pangungusap/pahayag ay mali at ang pangalawang pangungusap/pahayag ay tama.
- C- Kung parehong tama ang dalawang pangungusap/pahayag.
- D- Kung parehong mali ang dalawang pangungusap/pahayag.


1. Ang mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw ay tinawag na gawi. Ito ay mga nakasanayang gawin.
2. Ang makataong kilos ay pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kalooban. Ang kilos na makatao ay walang pananagutan.
3. Natatakot ang tao kung may pagkabagabag ng kaniyang isip na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa buhay. Mapayapa siya sa kaniyang pag-iisip.
4. Ang salik ay masidhing pag-asam na makaranas ng kaligayahan o kasarapan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. Itinuturing na masidhing damdamin ang katuwaan.
5. Ang kamangmangan ay tumutukoy sa kawalan ng kaalaman na dapat taglay ng tao. Hindi ito maaaring labanan ng tao.
6. Ang kamangmangang di nadaraig ay may pagkakataong magkaroon ng tamang kaalaman. Mag-aral lamang upang madaraig ang kamangmangang ito.
7. Ang makataong kilos ay may kaakibat na responsibilidad at pananagutan. Ginagamit nito ang isip at kilos-loob.

8. Ang kamangmangang nadaraig ay walang posibleng paraan upang magkaroon ng kaalaman. Ang halimbawa ng kamangmangang ito ay ang gawa ng isang baliw.
9. Ang sangkap sa isang sitwasyon o pangyayari na maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kahihinatnan ng makataong kilos ay tinawag na salik. Ang halimbawa nito ay katotohanan.
10. Ang kalayaan ay nangangahulugang responsibilidad, tungkulin o obligasyon. May pananagutan ang tao kung sinadya niyang gawin ang isang bagay.
11. Ang pag-ibig, pagkamuhi, pagnanais, pagkasuklam, galit at iba pa ay mga halimbawa ng masidhing damdamin. Ang mga ito ay umiiral bago pa man gawin at pagkatapos gawin ang kilos.
12. Hindi apektado ng salik ang taong tumawid sa kalsada kahit na ipinagbabawal. May pagbawas sa pananagutan ng kaniyang ginawa
13. Ang taong wala sa kaniyang matinong pag-iisip ay walang pananagutan sa kaniyang mga gawain. Ang salik ng kamangmangan ang nakaaapekto sa kaniya.
14. Ang antas ng pananagutan ng nakasanayang gawin ay nakadepende sa antas ng kilos na ginawa. Nangangahulugan ito na may maliit at malaking pananagutan para sa maliit at malaking bagay na nagawa.
15. Apektado ka ng salik na karahasan kung kumuha ka ng pagkain sa *canteen* kahit na labag sa iyong kalooban dahil inutusan ka ng iyong kaklaseng basagulero. Maaaring mawala ang iyong pananagutan.



Isaisip

Magaling ang iyong ipinakita! Siguro dahil sa pagtiyatyaga mo na pag-aralan ang aralain. Ngayon, gusto kong ipaalam mo sa akin kung ano ang mahalagang bagay ang iyong lubos na nauunawaan sa pamamagitan ng pagbibigay kahulugan ng mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao. Gumawa ng *graphic organizer* sa iyong kwaderno.



Isagawa

Ayos ka pa ba? Mabuti ang iyong ipinakitang tiyaga. Kaya, ipagpatuloy mo lang ang paggawa ng mga gawain. Ngayon, gusto kong suriin mo ang sitwasyon kasunod nito. Pagkatapos sagutin mo ang mga katanungan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno. Paalala ko lang huwag kalimutang palagdaan sa iyong mga magulang.

Nakita mo ang iyong astig na kaklase na sinira nya ang pintuan ng inyong silid-aralan. Pagkaraan ng ilang oras napansin ng inyong *adviser* na sira ang inyong pintuan. Tinanong kayo ng inyong guro kung ano ang nangyari at sino ang sumira ng pinto. Hindi ka nagsalita.

Tanong:

1. Ano-ano kaya sa palagay mo ang iyong nararamdaman sa sitwasyon na iyan?
2. Bakit kaya hindi ka nagsalita nang nagtanong ang inyong *adviser* tungkol sa nangyari?
3. Sa sitwasyon na ganyan, ano ang dapat mong gawin?

Para sa mga magulang:

Mahal kong mga magulang, pagkatapos gawin ito ng iyong anak, nakikiusap akong isulat ang iyong pangalan sa kanilang kuwaderno at huwag kalimutang ilagay ang iyong lagda.

Maraming salamat po.

Naway pagpalain kayo ng Maykapal!



Karagdagang Gawain

Ops...hindi ka pa tapos ha. Ituloy mo lang ang gawain. Bilang karagdagang gawain sundin lang ang panuto. Basahin ng mabuti ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kwaderno.

“Ang Lihim na Pagtingin”

Matalik na magkaibigan sina Marjorie at John sila’y nasa kasalukuyang ika-apat na taon sa kolehiyo. Matagal na silang magkaibigan halos kalahati ng kanilang buhay ay sila na ang magkasama at kilala na nila ang isa’t isa. Isang araw ay inanyayahan ni John si Marjorie sa madalas nilang puntahan na lugar may mga puno doon at sariwa ang hangin.”Bes, masayang-masaya ako ngayon at gusto ko ikaw ang una kong pagsabihan”. Nakangiting wika ni John habang nakahawak sa kamay ni Marjorie.”Ano yon ”may pagtataakang tanong nito.”Kami na ni ”Elisse” biglang napayakap si John sabay buhos ng malakas na ulan.

Napaluha si Marjorie ngunit hindi iyon nahalata dahil sa ulan.”Masaya ako para sayo” may pilit nangiti na lumabas sa bibig ni Marjorie. Ako na ata ang pinakamaswerteng lalaki sa mundo bes.” Bakas pa din ang saya sa mukha ni John.” “Pagod na ako, muwi na tayo at baka magkasakit pa tayo.” May panghihina sa boses ni Marjorie. Sige, hatid na kita” may pagtataakang wika ni John.Matapos ang pag-uusap nila na yoon ay hindi na sila nagkikita at nabalitaan ni John na nagka nobyo na din si Marjorie.

Isang araw ay napagpasyahan ni John na dalawin si Marjorie sa kanilang bahay. “Marj, I miss you.” Nakangiting wika ni John. Wala na ang dating kinang sa mata ni Marjorie, wala na din sigla, lungkot na lamang ang nababakas sa kanyang mukha, wka ni John sa sarili. “Anong ginagawa mo dito” matamlay na tanong nito ni Marjorie.”Gusto kong makita ka bes,” Wika ni John. Para saan pa? Wala na din kwenta magkita man tayo o hindi” may kirot sa bawat bitaw na salita ni Marjorie.” Mahalaga kasi mahal”, natigilan si John.” Anong mahal?”. Alam mo John humiling ako sa bitwin kahit na alam kong hindi matutupad iyon, ”umiiyak na umalis si Marjorie. Naiwan pa din si John.”Bakit hindi ko naituloy ang nararamdaman ko na mahal ko si Marjorie?” Wika niya sa sarili.

Araw nang kanilang pagtatapos ay hinahanap ni John si Marjorie ngunit sabi ng kaibigan nito na hindi daw ito dumalo. May biglang lumapit na lalaking may balbas, pula ang mata, at mahaba ang buhok na lalaki kay John.”Hi, pare, nakita mo ba si Marj? Hindi ba ikaw ang best friend niya? Ako nga pala ang nobyo niya” wika ng lalaki kay John.”Bakit sa akin mo tinatanong hindi ba dapat ikaw ang nag-aalaga sa kanya?”Nanlalaking wika ni John.”Pare ibibigay ko lang sana sa kanya ang regalo ko,” at tumalikod na ito. Kinabukasan ay nagbabasa ng diyaryo si John ng bigla niya itong nabitawan. Ganito ang kanyang nabasa. Just graduated girl is dead because of her Addict Boy friend” Nasabi doon na pinasubok kay MARj ang drugs na kahit na siya’y hindi pa niya natitikman. “Walang hiyang iyon drugs pala ang sinasabi nitong regalo. Magbabayad siya” pabulyaw na wika ni John. Kay ”Elisse ang atensyon ko ngunit ang

dapat kong inalagaan at hindi pinabayaan ngayon ay wala na...ang aking bestfriend. Bakit hindi ko masabi noon pa na mahal na mahal ko siya higit pa sa matalik na kaibigan” umiiyak na wika ni John.

https://www.academia.edu/30419429/Maikling_Kwento_Ang_lihim_na_pag_tingin_

Tanong:

1. Ano ang iyong reaksiyon at naramdaman pagkatapos basahin ang kuwento? Bakit?
2. Ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa kilos ng mga tauhan? Isa isahin ito at ipaliwanag.
3. Kung ikaw si Marjorie o si John ano ang iyong dapat gawin upang mailahad ang iyong damdamin?

Aralin

2

Ang Pagkukusa sa Kilos dahil sa Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao



Alamin

Sa modyul na ito ay inaasahang maipapamalas mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayang pampagkatuto:

6.2 Nakapagsusuri ng isang sitwasyong nakaaapekto sa pagkukusa sa kilos dahil sa kamangkangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at gawi. **(EsP10MK-IIId-6.3)**



Balikan

Teka lang...bago mo ipagpatuloy ang pagbabaybay sa aralin, balikan mo muna ang iyong dating kaalaman. Di ba natutunan mo ang iba't ibang mga salik at ang mga kahulugan nito? Bilang pagsusuri sa iyong kaalaman tapusin mo ang sinimulang pangungusap o pahayag sa ibaba. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Ang mga salik ay nakaaapekto sa _____



Tuklasin

Masayang araw sa iyo mahal kong mag-aaral! Kumusta na? Ano ang iyong nararamdaman ngayon? Huwag kang mapagod ha dahil nasa ikalawang aralin pa tayo. Sa iyong pagpapatuloy sa pag-aaral sigurado akong marami kang matutuklasan. Katulad na lang sa gagawin mo ngayon. Sundin mo lamang ang panuto.

Sa bawat aytem may mga scrambled word. Ito ang iyong magiging sagot sa tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Normal na nararamdaman kita subalit may pananagutan akong pangasiwaan ka dahil kung hindi...ikaw ang mangangasiwa sa akin. Ano ka?

MAD NIMAD HINGMASID

2. Binabagabag mo ako! Hindi tuloy napayapa ang kalooban ko! Sino ka?

K A T O T

3. Dahil sa iyo napilitan akong gumawa ng masama, salamat na lang dahil maaaring mawwaala ang aking pananagutan.

A S A N H A K A R

4. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko, apektado kasi ako sa iyo. Teka, ano ka sa buhay ko?

N A G N A M M A K A N G

5. Baliwala lang sa akin na nandito ka, pero naging sistema ka sa buhay ko sinta. Nasasanay na kasi akong nandiyan ka.

A G I W

Nalito ka ba? Hindi di ba? Dahil magaling ka! Ipagpatuloy mo lang ang pag-aaral sigurado akong masasayahan ka.



Suriin

Halika, ipagpatuloy mo na.

Ang Pagkukusa sa kilos dahil sa Kamangmangan, Masidhing Damdamin, Takot, Karahasan at Gawi.

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang kahulugan ng bawat salik na nakaaapekto sa ating pananagutan sa kahihinatnan ng ating kilos at pasiya. Ngayon mas lalo nating bigyang lalim ang sumusunod na bawat salik.

Isa sa pinakamahalagang sangkap o elemento sa makataong kilos ay ang isip. Kung ang isip ay may depekto at hindi ito nagagamit sa pagpapasiya maituturing natin na ang kilos ay hindi makatao. Samakatuwid, ipinapahayag sa kilos na may pagpapakita ng kamangmangan. Ang unang salik ay kamangmangan. Ang kamangmangan ay tumutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman.

Ito ay may dalawang uri. Nadaraig tinawag sa Ingles na vincible at hindi nadaraig sa Ingles naman ay invincible. Ano ang ibig sabihin ng mga ito? Una, ang kamangmangang nadaraig, ito ay ang kawalan ng kaalaman sa isang gawain ngunit may pagkakataon upang magkaroon ng tamang kaalaman kung gagawa ng paraan. Halimbawa,

ang isang taong tumawid sa kalsada kahit na ipinagbabawal. Di ba maaari naman siyang magtanong kung pwede bang tatawid sa kalsada? O kaya'y pag-aralan ang mga *traffic rules*? Kaya mayroon siyang pananagutan sa kaniyang ginawa dahil maaari naman siyang magkaroon ng kaalaman bago gawin ito. Nababawasan lang ang kaniyang pananagutan dahil sa kaunting kakulangan ng kaalaman na labanan ang kamangmangang ito. Maraming paraan upang maunawaan at magkaroon ng kaalaman sa isang bagay, isa niyan ay ang pag-aaral. Pangalawa, ang kamangmangang di nadaraig, ito ay kawalan ng kaalaman na mayroon siyang hindi alam na dapat naman niyang malaman. Possible rin na wala siyang paraan upang malaman at maunawaan ang mga bagay gamit ang sariling kakayahan o kaya'y kakayahan ng ibang tao. Ang taong may ginawa na apektado sa kamangmangang ito, hindi maituturing ang kaniyang ginawa na makataong kilos kaya wala siyang pananagutan. Katulad na lang ng gawa ng *mentally retarded person*.

Ilalawang salik ay masidhing damdamin. Ito ay tumutukoy sa masidhing pag-asam o paghahangad na makaranas ng kaligayahan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. Halimbawa; pag-ibig, pagkamuhi, katuwaan, pighati, pagnanais, pagkasindak, pagkasuklam, pagnanasa, desperasyon, kapangahasan, pangamba, at galit. Ito rin ay itinuturing na dikta ng bodily appetites at pagkiling sa isang bagay o kilos o damdamin. Maituturing ito na paglaban ng masidhing emosyon sa isipan. Ibig sabihin, mas matimbang ang pangangailangan ng damdamin kaysa sa isip. Ang damdamin ay may malakas na utos na abutin ang kaniyang layunin. Ito ay normal na damdamin ngunit ang tao ay may pananagutan upang pangasiwaan ang kaniyang emosyon at damdamin dahil kung hindi...ito ang mangasiwa sa kanya. Mapapangasiwaan ito sa pamamagitan ng paghubog ng mga positibong damdamin at mapagkumbaba na pagtanggap sa mga limitasyon sa buhay. Ang masidhi na damdamin ay maaaring nauuna tinawag sa Ingles na *antecedent* o nahuhuli sa Ingles naman ay tinawag na *consequent*. Ano ang ibig sabihin ng mga ito? Ang nauuna o *antecedent* ay damdamin na nadarama o napupukaw kahit hindi niloob o sinadya. Ito ay umiiral bago pa man gawin ang isang kilos. Ang kilos sa ilalim ng damdaming ito ay hindi malaya kaya ito ay kilos ng tao o *act of man*. Hindi ito nakapag-aalis ng kapanagutan ngunit nakababawas lamang ito. Nababawasan ang pagkukusa sapagkat nakabatay ito sa kaalaman at kalayaan. Naaapektuhan ng antecedent ang isip kaya naaapektuhan ang paghuhusga at pagpapasiya. Halimbawa, ang isang babae na napasigaw ng “yeheey” at biglang nayakap ang katabi na lalaki dahil nakapasa siya sa Nursing Licensure Exam. Hindi siya masisisi sa kaniyang ginawa ngunit dapat pa rin siyang humingi ng paumanhin. Ang masidhing damdamin naman na nahuhuli o consequent ay sinadyang mapukaw at inalagaan kaya ang kilos ay niloob, may pagkukusa at sinadya. Sana bago pa isagawa ang kilos dapat na magkaroon ng panahon upang labanan emosyon na ito. Kaya ang tao ay mapapanagot sa kanyang ginawa. Katulad ng pagkasuklam na naging dahilan sa pagpapasakit sa tao.

Ang ikatlong salik ay takot. Ito ay pagkabagabag ng isip ng tao na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay o mga mahal sa buhay.

Ito rin ay pagpataw ng puwersa gaya ng pananakit o pagpapahirap upang gawin ng isang tao ang kilos na labag sa kaniyang kalooban. Sa madaling salita pananakot sa buhay ng tao upang magawa nito ang gustong ipagawa na masama. Hindi pa rin nawawala ang pananagutan ng tao kundi nababawasan lang. dahil malinaw pa ring sa kaniyang isip ang ginawa niya. Ngunit kung ang takot ay makalalagay ng isang tao sa kaguluhan ng isip kaya hindi siya makapag-isip ng wasto, nawawala ang kaniyang pananagutan. Halimbawa, ang pananahimik ng isang taong nakasaksi sa pagbaril ng kapitbahay. Natakot siyang magsalita baka madamay pa siya at ang kaniyang pamilya. Hindi niya sinabi ang totoong nangyari. Nabawasan ang kaniyang kapanagutan sa sitwasyong ito.

Ang ikaapat na salik ay karahasan. Ito ay ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kalooban. Kung nagkaroon ang tao ng sapat na paraan para labanan ang karahasan ngunit nauwi sa wala at mas nasunod ang kalooban ng labas na puwersa maaaring mawala ang pananagutan sa kilos. Halimbawa, ang pagkukuha ng isang *Grade 9 student* sa pera ng mga *Grade 7 students* kahit labag ito sa kaniyang kalooban dahil binantaan siya ng isang barumbadong grupo ng Senior High students

na aabangan sa gate at pagsusuntukin. Sa sitwasyong ito hindi siya mapapanagot pero kailangan pa rin niyang mag-isip ng paraan para maiwasan ito.

Ang ikalimang salik ay gawi. Ito ay ang mga gawain na pauli-ulit na isinagawa at naging bahagi ng sistema ng buhay sa araw-araw. Tinawag ito sa Ingles na *habits*. Hindi nawawala ang pananagutan ng tao na gumagawa ng nakasanayang gawain ngunit nababawasan lang dahil bago nakasanayang gawin ang isang bagay nagsimula ito bilang kilos na may kapanagutan. Halimbawa, ang pagsasabi ng mga pangit na salita sa isang matalik na kaibigan dahil daw ekspresyon ito ng kanilang samahan. Mapapanagot pa rin siya kaya lang nababawasan dahil nagsimula ito bilang kusang pagsasalita nang hindi maganda at nakasanayan na.

Ngayon, masasabi mo ba na responsible ka sa iyong mga ginagawa? Mapanagutan ka ba sa iyong mga pasiya sa buhay? Malinaw na ba sa iyo kung kailan ka mawalan ng kapanagutan sa isang kilos? Handa ka na bang kumilos ng may kaakibat na responsibilidad?



Pagyamanin

Dahil masipag ka sa pagbabasa ng aralin, alam ko na sa gawaing ito masusuri mo ang sitwasyon kung paano nakaaapekto ang salik sa pagkukusa ng kilos. Sundin lamang ang panuto. Basahin at unawain ang sitwasyon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Sitwasyon:

Si Nina ay isang social worker sa kanilang barangay. Sinabihan siya ng kanilang kapitan na bawasan ang Social Amelioration Program (SAP) *budget* para sa mga mahihirap na nasa listahan upang ibigay sa kaniyang mga kamag-anak na hindi naman naaapektuhan ng kahirapan. Kahit alam niyang hindi dapat sundin ang sinabi ng kapitan pero sinunod pa rin niya dahil nag alala siyang mawalan ng trabaho.

Tanong:

1. Anong salik ang nakaaapekto sa kilos ni Nina? May pananagutan ba siya sa kanyang ginawa? Bakit?
2. kung ikaw si Nina ano ang iyong dapat gawin?



Isaisip

Maganda ang iyong ipinakita na tiyaga upang magkaroon ng kaalaman sa aralin. Bibigyan pa kita ng gawain upang mas lubos na mailahad ang iyong pag-unawa sa aralin, sagutin ang mga Pokus na Tanong batay sa iyong isinagot sa Pagyamanin. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Madali ba ang pagkilos ng may pananagutan? Bakit?
2. Mahalaga ba ang pagkakaroon ng pananagutan sa isang kilos? Bakit?
3. Paano mo gagawin ang isang bagay upang wala kang pagsisihan sa huli?



Isagawa

Kaya mo pa ba? Ikaw pa! “ang galing mo nga eh”. Ipagpatuloy mo lang ang nasimulan na kagalingan. Sa bahaging ito itala mo ang iyong mahahalagang kilos sa nakaraang mga araw na apektado ng mga salik. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Ang nagawang kilos	Anong salik ang naka-impluwensiya sa iyong kilos at bakit?



Karagdagang Gawain

Wow! Malapit mo ng matatapos ang pangalawang aralin. Napapagod ka na ba? Huwag muna...kasi mayroon ka pang gagawin. Sundin mo lang ang panuto.

Panuto: Basahin, suriin at unawain ng mabuti ang maikling kuwento, pagkatapos sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

May bulag na babae na napopoot sa sarili dahil sa kanyang kapansanan. Kinamumuhian niya ang lahat maliban na lamang sa mapagmahal niyang kasintahan. Siya ay laging nandiyan para sa kanya, maaasahan niya sa lahat ng oras. Kaya ipinangako ng babae na kung makakakita siya ay pakakasalan niya ang nobyo at magsasama sila hanggang sa pagtanda.

Isang araw, ipinaalam ng doktor sa babae na nakakuha sila ng *donor* para sa kanyang mata. Sinimulan ang operasyon at pagkalipas ng ilang buwang pagpapagaling ay matagumpay ang *transplant* ng mata sa kanya. Nakakakita na ang babae.

Bumisita sa kanya ang kanyang nobyo isang araw matapos tanggalin ang bendahe niya sa mata. Nagulat siya nang malaman na bulag din ang kanyang nobyo. Tinanong siya ng lalaki,

"Ngayong nakakakita ka na, gusto ko sanang makasama ka habang-buhay. *Will you marry me?*"

Hindi nakaimik ang babae, hindi niya matanggap na bulag din pala ang kasintahan. Hindi niya kayang makasama ito sa mahabang panahon sapagkat magiging pabigat ito sa kanya. Gusto niyang masilayan ang mundo ngayong nakakakita na siya at magiging balakid ang nobyo sa kanyang mga plano. Sinabi ng babae na hindi niya kayang magpakasal at gusto na niyang makipaghiwalay sa lalaki.

Nasaktan ang lalaki at tila nawasak ang kanyang puso. Gayunpaman, gusto niyang maging masaya ang nobya kaya pinapalaya na niya ito.

"Sana'y mahanap mo ang tunay na kaligayahan ngayong nakakakita ka na", sabi ng nobyo. "Isa lang ang hinihingi ko, ingatan mo ang iyong mga mata bilang alaala sa tunay kong pagmamahal sa iyo... Dahil ang mga mata mo ngayon ay dating mga mata ko."

<https://brainly.ph/question/988253#readmore>

Tanong:

1. Ano sa palagay mo ang maaaring maging pamagat ng kuwento?
2. Ano ang napukaw na damdamin sa puso mo pagkatapos basahin ang kuwento?
3. Sa palagay mo ano ang dahilan ng lalaki kung bakit ibinigay niya ang kaniyang mga mata sa babae? Apektado ba ng masidhing emosyon ang kaniyang ginawa?
4. Ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa kilos ng mga tauhan?
5. Kung ikaw ang babae ano ang iyong nararapat gawin?

Aralin

3

Ang Epekto ng mga Salik sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasya



Alamin

Sa aralin na ito ay inaasahang maipapamalas mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayang pampagkatuto:

6.3 Napatutunayan na nakaaapekto ang kamangmangan, takot, karahasan at ugali sa pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kaniyang mga pasiya at kilos dahil maaaring mawala ang pagkukusa sa kilos. **(EsP10Mk-IIId-6.4)**



Balikan

Bago mo simulan ang pagbabaybay ng araling ito babalikan muna natin ang iyong kaalaman sa nakaraang aralin sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang sitwasyon. Sundin lamang ang panuto.

Basahin ang sitwasyon, pagkatapos sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

Sitwasyon: Dahil sa sobrang galit na iniwan ang iyong kaibigan ng kaniyang kasintahan, nasuntok niya ang pisara ng inyong silid-aralan.	Tanong: Bakit nasuntok ng iyong kaibigan ang pisara? Mapananagot ba siya? _____ _____
---	---



Tuklasin

Teka, naiinip ka ba? Para hindi mo maramdaman yan, sa bahaging ito makipagpanayam ka sa iyong ina o ama o sa iyong guardian. Tanungin mo siya base sa kaniyang mga karanasan tungkol sa mga konkreong pangyayari kung saan naiimpluwensiyahan ang kaniyang ginawa sa isa sa mga salik na nakaaapekto sa makataong kilos. Handa ka na ba? Sige simulan mo na sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na tanong bilang gabay mo. Isulat ang napakinggan mong karanasan at ang sagot ng mga tanong sa iyong kuwaderno.

Gabay na Tanong sa Pagpanayam:

1. Mula pagkabata hanggang ngayon, ano ang iyong particular na karanasan na pinagsisihan mo sa huli? Bakit?
2. Ano ang iyong ginawa pagkatapos mong magsisi?
3. Ano ang iyong naging reyalisasyon?
4. Sa palagay mo, paano makatutulong ang mabuti at masusing pag-iisip bago gawin ang isang bagay.
5. Ano ang natutunan mo sa narinig na karanasan at reyalisasyon?

Magaling! Seryoso ka talaga sa iyong pag-aaral.



Suriin

Oh, heto basahin mo, alam kong may matutunan ka pa.

Bakit nakaaaapekto ang kamangmangan,
masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi

Dahil mayroong pananagutan ang tao sa kaniyang ginagawa. Dahil mayroon siyang kamalayan sa nangyayari sa kanyang paligid.

Lahat tayo, sa ating buhay, tayo ay nakararanas ng mga sitwasyon na kung saan tayo ay nagpapasya sa kung ano ang dapat nating gawin na may katumbas na pananagutan.

Ang pagpapasya ay hindi lamang basta-basta. Maraming mga elemento ang dapat nating isaalang-alang tulad ng kabutihang dulot nito sa panlahat, ang epekto nito sa ibang tao, at marami pang iba na kung saan kapag atin itong isasakilos ay mayroong katumbas na pananagutan.

Lahat tayo ay mayroong kakayahang magpasya ngunit hindi lahat ay nakakagawa ng tamang pagpapasya.

(<https://brainly.ph/question/988253#readmore>)



Pagyamanin

May naunawaan ka ba sa iyong binasa? Siyempre naman ‘d ba? Ang galing mo kaya kaya! Oh, *relate much* ka ditto sa gagawin mo. Basahin mo muna ang sitwasyon pagkatapos sagutin ang pokus na tanong. Isulat ang sagot sa nailaang patlang.

Nagkaroon kayo ng pagsusulit sa Asignaturang Matematika. Hindi nakapag *review* ang kaibigan mo na si Katrina dahil umabot sa umaga ang pakikipag *chat* niya sa kanyang boyfriend. Nag alala siya na baka hindi makapasa sa pagsusulit kaya binuksan niya nang tahimik ang aklat sa Matematika na nasa kanyang harapan upang mahanap ang *formula* kung paano makuha ang tamang sagot. Nakita siya ng guro at tinawag ang kanyang atensiyon. Ipinatawag din tuloy ang kaniyang mga magulang sa *guidance counsellor*.

Tanong:

1. Naranasan mo ba ang ganitong sitwasyon? Kung ikaw si Katrina ano kaya ang posibling naramdaman mo sa ginagawa?
2. Bakit kaya ginawa ni Katrina ang pangongopya? Mnanagot ba siya?
3. Kung ikaw si Katrina ano ang dapat mong gawin upang matulungan ka at ang iyong kapwa na maiwasan ang ganitong pangyayari?



Isaisip

Siguro mas malawak na ang iyong pagkakaintindi sa aralin. Ngayon, ano ang naunawaan mong mahalagang konsepto batay sa natalakay na aralin? Madali lang sa iyo na gawin ito. Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang batayang konsepto.

1. Ang Pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kaniyang kilos at pasya ay naapektuhan
dahil _____.



Isagawa

Masusi talaga ang iyong pagsasagawa ng bawat gawain. Hangang-hanga ako sa iyo. Sa susunod na gawain, mag-isip ka ng isang karanasan sa iyong buhay na may isa sa mga salik ang nakaimpluwensiya sa iyo at napapanagot ka.

Tayahin

<i>Karanasan na nangyari</i>	<i>Reyalisasyon</i>
------------------------------	---------------------

Ngayon na ganap mo nang naunawaan ang mga aralin sa modyul na ito, siguro naman handang-handa ka nang tayahin ang iyong mga kaalaman. Sa paggawa ng gawaing ito sundin pa rin ang panuto.

PAGKILALA: Basahin at kilalanin kung ano ang tinutukoy ng bawat pahayag. Isulat ang sagot sa patlang.

- _____ 1. Mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw.
- _____ 2. Ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kalooban.
- _____ 3. Ang pagkabagabag ng isip ng tao na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay.
- _____ 4. Ito ay ang masidhing pag-asam na makaranas ng kaligayahan o kasarapan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hiral.
- _____ 5. Ito ay tumutukoy sa kawalan ng kaalaman na dapat taglay ng tao.
- _____ 6. Ito ay ang uri ng kamangmangan na may pagkakataong magkaroon ng tamang kaalaman.
- _____ 7. Ang kilos na may kaakibat na responsibilidad at pananagutan.
- _____ 8. Uri ng kamangmangan na walang posibleng paraan upang magkaroon ng kaalaman.

- _____ 9. Ito ay isang sangkap o elemento sa isang sitwasyon o pangyayari na maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kahihinatnan ng makataong kilos.
- _____ 10. Ito ay nangangahulugang responsibilidad, tungkulin o obligasyon.
- _____ 11. Ang pag-ibig, pagkamuhi, pagnanais, pagkasuklam, galit at iba pa ay mga halimbawa ng anong salik?
- _____ 12. Ang isang taong tumawid sa kalsada kahit na ipinagbabawal ay apektado ng anong salik?
- _____ 13. Sa sobrang galit, napalo ka ng iyong ama dahil hindi ka pumapasok sa paaralan. Siya ay apektado ng anong salik?
- _____ 14. Sumakit ang iyong tiyan at uminom ka ng gamot na hindi man lang binasa kung para saan ito. Apektado ang iyong kilos ng anong salik?
- _____ 15. Kumuha ka ng pagkain sa canteen kahit na labag sa iyong kalooban dahil inutusan ka ng iyong kaklaseng basagulero. Apektado ang iyong kilos ng anong salik?



Karagdagang Gawain

Maligayang bati sa iyo! Humahanga ako sa iyo dahil sa matiyaga mong tinapos ang aralin na ito. Pero teka meron pa pala akong ipagagawa sa iyo. *Chill* ka lang dyan! Kaya mo ito. Simulan mo na sa pamamagitan ng pagbasa sa panuto.

Basahin mo ang maikling kuwento tungkol kay Alice at ang Pusa. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang.

Ang paglalakbay ni Alice

Habang naglalakbay si Alice, nakita niya ang pusa na si Cheshire. Nagtanong siya sa pusa. “Maaari mo bang ituro sa akin ang daan na nararapat kong tatahin mula rito?” “Depende iyan sa nais mong puntahan at nais mong marating.” Tugon ng pusa. Wala naman akong particular na lugar na nais puntahan.” Sabi ni Alice. Kung gayun, hindi mahalaga sa iyo kung aling daan ang iyong tatahakin.” Sagot ng pusa. “Ang mahalaga lang makarating ako kahit saan”, sabi ni Alice. Siguradong mangyayari iyong, maglakad ka lang nang maglakad”, sabi ng pusa.

(<http://www.alice-in-wonderland.net/alice2a.html>)

Naunawaan mo ba ang bahaging ito ng kuwento? Ngayon, sagutin mo ang mga tanong.

Tanong:

1. Bakit nagtanong si Alice sa pusa? Ano ang kaniyang gustong malaman?

2. Ano sa palagay mo ang magiging kahihinatnan kung patuloy na nalalakbay si Alice na walang siguradong patutunguhan? _____

3. Ano ang kaugnayan ng pangyayari sa kuwentong ito sa aralin na iyong pinag- aralan? _____

Congratulations! Natapos mo nang pag –aralan ang mga aralin sa modyul na ito... Sana huwag mong kalimutan ang iyong mga napag-aralan lalung-lalo na sa mga pagkakataon na ikaw ay gagawa ng mga desisyon sa iyong buhay. Mahalaga na malinaw sa iyo ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan sa sarili ay makatutulong sa pagsisikap na maabot ang pagbuo ng iyong pagkatao. Maraming salamat sa iyo mahal kong mag-aaral at magulang!



Susì sa Pagwawasto

Aralin 1	
Subukin	Balikan
1. Gawi 2. Karahasan 3. Takot 4. Masidhing damdamin 5. Kamangmangan 6. Nadaraig 7. Makataong kilos 8. Di nadaraig 9. Salik 10. Pananagutan 11. Masidhing damdamin 12. Kamangmangan 13. Masidhing damdamin 14. Kamangmanagn 15. karahasan	10 puntos kung maayos na nakasulat ng kaakaman tungkol sa makataong kilos at pananagutan. 5 puntos kung hindi maayos na naipaliwanag
Tuklasin	Pagyamanin

Gawi - may pananagutan pero nabawasan lang	1. C 2. D 3. A 4. B 5. A 6. B 7. C 8. D 9. A 10. B 11. C 12. B 13. C 14. C 15. C
Isaisip	Karagdagang Gawain
2 puntos ang bawat salik kung naibigay ng maayos ang kahulugan nito 1 punto kung hindi maayos na naibigay ang kahulugan nito Isagawa 5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa	5 puntos bawat aytem kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 2 kung hindi masyadong naipaliwanag
Aralin 2	
Balikan	Tuklasin
5 puntos kung natapos ang sinimulang pahayag	1. Masidhing damdamin 2. Takot 3. Karahasan 4. Kamangmangan 5. Gawi
Pagyamanin	Isaisip
5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 3 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang sagot	5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 3 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang sagot
Isagawa	Karagdagang Gawain
10 puntos kung naisulat ang nagawang kilos at naipaliwanag ang salik 5 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang salik sa nagawang kilos	2 puntos bawat aytem kung naipaliwanag nang maayos ang sagot 1 punto kung hindi naipaliwanag ang sagot
Aralin 3	

Balikan	Tuklasin
5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 3 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang sagot	20 puntos kung naisulat ang panayam sa magulang o guardian at nakapagbigay ng reyalisasyon batay sa napanayam na karanasan 10 puntos kung naisulat ang panayam sa magulang o guardian at hindi nakapagbigay ng reyalisasyon batay sa napanayam na karanasan
Pagyamanin	Isaisip
5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 3 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang sagot	5 Kung natapos ang siniulang pangungusap o pahayag
Isagawa	Tayahin
10 puntos kung naisulat ang nagawang kilos at nakapagbigay ng reyalisasyon 5 puntos kung naisulat ang nagawang kilos at walang reyalisasyon	1. Gawi 2. Karahasan 3. Takot 4. Masidhing damdamin 5. Kamangmangan 6. Nadaraig 7. Makataong kilos 8. Di nadaraig 9. Salik 10. Pananagutan 11. Masidhing damdamin 12. Kamangmangan 13. Masidhing damdamin 14. Kamangmanagn 15. karahasan
Karagdagang Gawain	
5 puntos kung maayos na naipaliwanag ang sagot batay sa sitwasyon 3 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang sagot	

Sanggunian

Mary Jean B. Brizuela, Patricia Jane S. Arnedo, Goeffrey A. Guevara, Earl P. valdez, Suzanne M. Rivera, Elsie G. Celeste, Rolando V. Balona Jr., Benedick Daniel O. Yumul, Glenda N. Rito, at Sheryll T. Gayola “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul para sa Mag-aaral” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas Unang Edisyon 2015, at hinango June 24, 2020

Jession Linggay @academia (2020), *studies Electronic Warfare, Sensores Remotos, and Synthetic Aperture Radar*, https://www.academia.edu/30419429/Maikling_Kwento_Ang_lihim_na_pag_tingin,_/ at hinango June 24,2020

Jim Lloyd (2017) <https://brainly.ph/question/988253#readmore/>, / at hinango June 24, 2020

Venelyn Abina (August 16, 2017) <https://brainly.ph/question/988253#readmore/> at hinango June 24, 2020

Lewis Carroll, Aurora A. Batnag, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino Sister nang Unibersidad ng Pilipinas, ©2000, <http://www.alice-in-wonderland.net/alice2a.html> at hinango June 24, 2020

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpung, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph